Kasalanan

6cyclemind

Maari bang makausap ka di na biro ang nararamdaman
Nalungkot sa aking buhay mula nang ikay matauhan

Patawarin mo ako sa aking nagawang kasalanan (kasalanan)
Patawarin mo ako sa aking nagawang kasalanan (kasalanan)

Maari bang mapigilan pa ang yong di maaming binabalak
Nakalimutan mo na ang pagsasama di na ba kayang mapagbigyan

Patawarin mo ako sa aking nagawang kasalanan (kasalanan)
Patawarin mo ako sa aking nagawang kasalanan (kasalanan)

Patawad ay isang salitang animoy isang parusa itoy
Sasambitin mo lang kung lahat ay huli na at di na
Maibabalik ang dating pinagsamahan parang putik sa
Mukha na pinahid ng pabalang.

Sa iyo lahat ay paharang dahil ayaw mong magparaya
Habang siyay bigay ng bigay at ipinauubaya lahat ng
Makakabuti kahit na pang huling butil ay iaabot sa iyo.

Parang ikay isang inutil na hindi nagiisip wala kang
Nararamdaman subukan mang pumikit wala kang
Natatandaan lagi mong inaalala ang para lamang sa yo
Walang iba kundi ikaw at kailanmay walang kayo

Mapalad ka kung hihingan mo ng tawad ay nagagalit
Ikay sasaktan at sumisigaw ng salitang pumupunit kaysa
Pilit mong kausapin ay di na sasagot akapin
Man ng mahigpit ay di mo na maabot (Patawad)

Di na mauulit
Di na uulitin
Sanay tanggapin mo

Patawarin mo ako sa aking nagawang kasalanan (kasalanan)
Patawarin mo ako sa aking nagawang kasalanan (kasalanan)

Tayoy nagtalot nagsigawan at halos magtulakan sa
Galit ko akoy lumayas at di ka binalikan
Nilimot ang lahat ng pangako at ang pagmamahal
Sumpaan natin sa isat isa di rin nagtagal

Ang gabi ay aking umaga umagay aking gabi
Akoy gumigising hindi ko kilala ang katabi
Paulit ulit na ganito ngunit ng aking makita larawan
Mo sa loob ng aking lumang pitaka ay nalaman ko

Hinanap ko ang tunay na sarili ko nakita ko nalaman ko
Ito ay nasa piling mo inipon ang lahat ng aking lakas
Ng loob ngunit bakit parang di maganda ang
Aking kutob.

Nilapitan ka at pilit na tinitigan sa mata
Akoy nagdarasal na sabihin mo saking pwede pa
Ikay hindi kumikibo at parang lumalayo tila pagibig
Mo sa kin tuluyan na natuyo

Tištěno z pisnicky-akordy.cz
Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!